# 1

“Maraming salamat ho, Mang Andoy,” nakangiting sabi ni Rachel sa matandang mangingisda nang maibaba nito mula sa bangka ang panghuli sa tatlong maletang dala niya.

Nang iabot niya rito ang ilang nakatuping dadaanin ay maagap na tumanggi ito.

“Hindi na kailangan, ineng, walang problema. Sigurado kang kaya mo nang bitbitin ang mga iyan hanggang doon sa beach house na pupuntahan mo?” tukoy nito sa mga bagahe niya.

Tinanaw ni Rachel ang bahay na itinuro ni Mang Andoy. She could only see the dark, imposing silhouette of the beach house through the moonlight.

Aminado siyang mahihirapan siyang dalhin ang mga maleta nang nag-iisa. Kahit pa kung tutuusin ay hindi naman kalayuan ang bahay, kinakailangan pa ring iwan niya at balikan ang isa sa mga iyon.

“Ang mabuti pa, ihatid na kita hanggang doon para hindi ka na mahirapan.”

“Naku, hindi ko ho tatanggihan ’yan. Maraming

salamat ho uli, Manong."

Natuwa si Rachel sa pagmamagandang-loob ng isang taong ngayon niya lang nakilala. For the last three years, she had been living in constant fear of danger, pain and brutality. She was happy to know that there were still good Samaritans left in this world.

Kanina ay talagang nag-alala na siya nang alas diez na ay nasa biyahe pa rin siya patungong Pangasinan. Ayon sa kaibigan niyang si Becky, hanggang alas nueve lang ng gabi ang huling biyahe ng mga ferryboats na maghahatid ng mga pasahero mula *Cape Bolinao* patungo sa mga karatig na isla.

Mag-a-alas-doce na nang lapitan ni Rachel ang isa sa mga mangingisdang naghahanda nang pumalaot. Kaagad namang pumayag si Mang Andoy nang pakiusapan niya itong ihatid siya sa *Santiago Island* kung saan naroon ang beach house na pag-aari ng best friend niyang si Becky at asawa nitong si Charles Mijares.

At tama ang kaibigan niya. Mababait nga ang mga taga-roon sa isla. Ngayon pa lang ay nakakaramdam na siya ng kapanatagan ng loob kahit na iilang minuto pa lang siyang naroroon.

Ang lugar na iyon ang magsisilbing refuge ni Rachel sa mga susunod na buwan. She was perfectly safe there. The peace and tranquility of the place was exactly what she needed right now. Doon ay pipilitin niyang kalimutan ang tila bangungot na pinagdaanan niya.

---

Naalimpungatan mula sa mahimbing na pagkakatulog si Clint Mijares. He heard unmistakable sound of faint voices and somebody entering the beach house.

Nawala ang antok at kaagad naging alerto ang pakiramdam niya. His training as an *NBI* special agent had sharpened his senses to a point where almost nothing could get past him. He had the instinct of a warrior. He was always on guard against intruders. Lalo pa kung ang ginagambala niyon ay ang sarili niyang pamamahinga.

Sa ganitong dis-oras ng gabi ay natitiyak niyang isang magnanakaw lang ang magtatangkang pumasok nang walang paalam sa loob ng bahay na iyon. Imposibleng ang kapatid niyang si Charles o ang asawa nitong si Becky ang dumating dahil alam ng mga ito na naroroon siya at nagbabakasyon. Tiyak na tatawagan muna siya ng mga ito sakali

mang may balak na magtungo roon ang mag-asawa.

He lay still, listening. Muli ay narinig niya ang kaluskos at tunog ng isinarang pinto. Mabilis na kinuha niya ang *10 mm automatic* na ipinatong niya sa bedside table. Silent as a cat, he rolled from the bed. Nagmamadaling isinuot niya ang denim cutoffs na hinubad kanina.

Maingat ang kilos na binuksan niya ang pinto at sumilip sa madilim na pasilyo. Sa tulong ng mapusyaw na liwanag ng buwan na sumisiwang mula sa mga French windows ng silid ay naaaninag niya ang paligid. The hallway was shrouded in black shadows but it appeared empty.

Ngayon ay mas dinig na dinig niya ang tunog ng tila alanganing mga yabag. He moved swiftly down the hallway toward the sounds. His steps were inaudible as he made his way on the wooden floor.

---

Napakatahimik ng buong bahay. Kundi lang dahil sa tulong ng liwanag ng buwan, mas mahihirapan si Rachel na kumilos at maghanap sa dilim.

*Just where are those blasted light switches anyway?* naiiritang tanong niya sa isip nang hindi iyon kaagad makapa sa dingding na katabi ng front

door.

Alanganin siyang humakbang habang nangangapa sa dingding nang biglang yumakap mula sa likuran niya ang matitipunong bisig na iyon.

Marahas ang paghingang kumawala sa bibig niya at dahil sa lakas ng pag-atake sa kanya, nabuwal siya sa sahig kasama ang taong mahigpit na nakayakap sa kanya.

Sakmal ng takot ang dibdib, nagpupumiglas siya. She kicked and twisted frantically. Ngunit mas malakas ito sa kanya kung kaya nagtagumpay itong makubkob siya. Kinubabawan siya nito habang nakadapa siya sa sahig. Hawak nito nang mahigpit ang dalawang braso niya sa likod.

"'Wag ka nang magtangkang lumaban. Sinisiguro ko sa 'yong lalo ka lang masasaktan," galit na sabi nito at lalong hinigpitan ang pagkakahawak sa kanya.

Nahugot ni Rachel ang paghinga nang marinig ang pamilyar na tinig na iyon.

"C-Clint? Clint Mijares? I-ikaw ba 'yan?" nanginginig na tanong niya.

*My God! Ano'ng ginagawa ng lalaking ito dito?* Ito

ang pinakahuling taong inaasahan niyang makikita ngayon.

Naramdaman niya ang pagkatigagal nito.

"What the hell!" mariing singhal nito. Bahagya nitong iniangat ang sarili, then, flipped her over. Then, he sat back, straddling her slender hips.

Mabilis na kinapkap nito ang katawan niya. Kasabay ng pagsinghap niya ang mariing pagmumura nito nang masalat ng lalaki ang umbok ng isang dibdib niya.

"Get off me!" Humihingal na pilit niya itong itinulak palayo.

"Be still." Hinawakan nito ng isang kamay ang wrists niya habang ang isa ay umabot at pumindot sa switch ng lampshade na malapit sa kanila.

Dahil sa ginawang pagpupumiglas kanina ay natanggal na sa pagkakapusod ang buhok ni Rachel kaya ngayon ay tumatakip iyon sa mukha niya.

Nang hawiin iyon ng lalaki at magtama ang mga mata nila ay nakita niyang napalitan ng shock ang pagkunot-noo nito.

"Rachel Sebastian," pabulong sa sabi nito. His voice was hard and flat and held not the slightest

trace of gladness or welcome.

Sa nakitang reaksyon ng lalaki ay naramdaman ni Rachel ang pagbangon ng pamilyar na kirot sa pinakatagong bahagi ng puso niya.

"Ano'ng ginagawa mo dito?" matigas ang expression sa mukhang tanong nito. "And why were you sneaking around in the middle of the night? Akala ko tuloy magnanakaw ka."

"I wasn't sneaking around! Nandito ako dahil sinabi ni Becky na puwede akong mag-stay dito for the next few months."

"What! The hell she said that!" anito na tila sa isang sinampal ang naging anyo ng mukha. "Baka hindi kayo nagkaintindihan. Hindi ba niya alam na nagpaalam na ako kay Charles sa balak ko ring pag-i-stay dito for the rest of the summer?"

Shocked na napatitig dito si Rachel. "B-but there must be some mistake."

"Right. And you made that mistake, lady." Nakakaloko ang ngiting sumilay sa labi nito.

Muling napahugot ng malalim na paghinga si Rachel, trying to bring her galloping heart under control.

Without a doubt, Clint Mijares had the sexiest smile and eyes she had ever seen. He surveyed the world with lazy amusement, and stared at women with a sexual gleam that was both flattering and wicked… Well, except when they were focused on her.

Pagdating sa kanya ay nagiging malamig at matigas ang mga mata nito. Noon ay kung ilang beses niyang nakita at naramdaman ang disgusto nito sa kanya.

Napailing na pilit niyang iwinaksi ang depresyong nararamdaman. She tried, as she always had, to hide her feelings behind a facade of cool dignity.

"Kanina ko lang nakausap si Becky nang ibigay niya sa akin ang susi ng bahay na ito. She said I'd have plenty of privacy here. She didn't mention you at all," aniya sa pilit na pinatatag na tinig.

The terror she felt when he attacked her had faded but uneasiness was rapidly taking its place in her chest.

Nang hindi niya makayang tagalan ang nanunuot na titig nito ay nagbaba siya ng tingin. Upang lalo lamang mailang nang makita ang hubad na dibdib nito. Ngayon lamang niya napagtanto ang intimacy

ng posisyon nila. Magkadikit na magkadikit ang mga katawan nila!

Kamuntik na siyang mapasinghap nang mapatingin sa bukas na butones ng suot nitong cutoffs. Nag-iinit ang pisnging kaagad niyang iniiwas ang tingin nang ma-realize niyang wala itong suot na panloob. Marahil ay nahihimbing na ito nang dumating siya. Mukhang nagmadali lang itong gawing disente ang hubad na katawan nang maramdaman ang pagpasok niya sa bahay.

The intimacy of their position had an alarming effect on her senses. It was suddenly acute. Ramdam na ramdam niya ang init na nanggagaling sa katawan nito.

Napalunok at pilit niyang kinontrol ang panginginig ng kanyang katawan.

"Ngayong alam mo nang hindi ako magnanakaw, siguro naman ay puwede mo na akong pakawalan? This floor is not exactly comfortable, you know," sarkastikong saad ni Rachel.

Tila noon lang din nito na-realize ang ayos nila.

"Sorry," anito at mabilis na tumayo. Inilahad nito ang isang kamay upang tulungan siyang makatayo. Tinanggap niya iyon.

Nang tumalikod ito ay kaagad napansin ni Rachel ang baril na nakasuksok sa likod ng putol na maong na suot nito.

"May dala kang baril?" hintakot na tanong niya.

Muling humarap ito sa kanya. "You're lucky I didn't blow your head off."

Lihim na napaismid si Rachel. *Kahit kailan talaga ay napakaarogante ng lalaking ito*, sa isip-isip niya.

Sinuklay nito pabalik ang magulong buhok habang nakalagay ang isang kamay sa baywang. Nagkaroon siya ng pagkakataong pagmasdan ang kabuuan nito.

Tila mas lalong naging reckless ang hitsura nito ngayon kumpara noong huli niya itong nakita. Umabot ang may kahabaan nitong buhok sa balikat. Dahil may pagka-mestizo ay madaling mangitim ang gilid ng mukha nito dahil sa tumutubong stubbles kapag hindi kaagad naahitan.

Nagulat siya nang makita ang snarling leopard tattoo sa kanang braso nito pati na ang maliit na hikaw sa isang tainga nito. He looked rakish and tough and sexy... and dangerous.

"Look," biglang pagsasalita ni Clint na ikinagulat niya. "There's obviously some sort of miscommunication here. Hindi tayo puwedeng sabay na mag-stay dito for the rest of the summer."

"No, of course not," kaagad na pagsang-ayon niya. Hiling niya ay hindi nito nahuli ang ginawa niyang pag-aaral sa anyo nito. "I, uh… suppose we should call Becky or Charles to straighten things out."

"Yeah, pero masyado nang late para tawagan sila ngayon. Tiyak na natutulog na ang mga iyon. I guess we can both stay here tonight, tutal marami namang kuwarto dito. We can straighten this mess first thing tomorrow. By the way, how did you get here at this hour?"

"Pinakiusapan ko ang isang mangingisda sa Bolinao."

Tumango lamang si Clint. "I think we better get some sleep." Napahikab ito. Ngunit napatda ito nang mapansin ang mga bagahe niya. "Mukhang dala mo na'ng lahat ng mga gamit mo, ah."

Tama ang binata pero walang balak si Rachel na sabihin dito ang katotohanang iyon.

"C'mon, I'll help you carry those," anito nang

simulan niyang bitbitin ang mga maleta niya. Parang walang anumang binuhat nito ang dalawang malalaki at mabibigat na maleta. "Dahil ako ang nauna sa 'yo dito, ako na ang umokupa sa master's bedroom. You can take your pick on the other three rooms."

"No problem. Okay lang sa akin kahit saang kuwarto."

Biglang napahinto sa paghakbang si Clint. Nakataas ang isang kilay nito nang tumingin sa kanya.

"Was that an open invitation? Does that mean it's okay if you will share a room with me?" Nakakaloko ang ngiting naka-plaster sa mga labi nito.

Gulat na napatitig dito si Rachel. Alam niyang nagbibiro lang ito pero hindi niya mapaniwalaang magagawa nitong magkipag-flirt sa kanya.

Sa tuwina ay puno ng tension at hostility sa pagitan nila. Ngayon, sa unang pagkakataon ay nakita niya ang kislap ng panunukso sa mga mata ni Clint habang kausap siya.

Ngunit hindi ibig sabihin na nagulat siya, ay natutuwa siya sa biro nito. Sa pamamagitan lang ng tingin ay naparating na niya rito ang sagot sa sinabi

nito.

Kaagad napalis ang ngiting nasa labi ng lalaki nang makita ang serious expression ng mukha niya.

“I was just kidding, you know. Hindi kailangang mag-init agad ang ulo mo,” napatiim-bagang na sabi nito.

Nang makapili ng silid si Rachel ay tahimik na sumunod sa kanya sa loob ang binata.

“I’ll see you tomorrow.” Ibinaba nito ang mga dalang maleta. Bago pa siya makapagpasalamat ay tuluy-tuloy na itong lumabas ng kuwartong iyon.

# 2

"Good night and sweet dreams to you, too, Detective," sarkastikong bulong ni Rachel nang maisara ang pinto ng silid niya.

Naiiling na umupo siya sa gilid ng kama at nagpakawala ng malalim na buntong-hininga. Ang akala pa naman niya ay nakahanap na siya ng lugar kung saan puwede siyang makapag-relax, mag-unwind and just feel safe.

But now, with Clint Mijares around, there was a remote possibility of her achieving that. Oo nga at ligtas siya sa company ng binata, alam niyang maipagtatanggol siya nito, sakali man. Pero malabong maging relax at komportable ang pakiramdam niya sa presence nito. She felt threatened whenever he was close. And just thinking about him made her feel suffocated. Walang ibang tao na nakapagparamdam sa kanya ng ganoon.

Matagal nang panahon mula noong huli niyang makita ang binata. Three years ago, to be exact. But he was still as handsome as ever, even with his rebel look. Sa tingin nga niya ay lalo lamang nakadagdag iyon sa sex appeal ng binata. Matangkad ito kaysa

sa karaniwan at nagtataglay ng matipunong pangangatawan. He still moved with that easy, hip rolling saunter that drew women's eyes to his body and their thoughts to the bedroom.

And of course, he still did not care much for her.

Mapait siyang napangiti at nagpilit balewalain ang muling pagguhit ng kirot sa dibdib niya.

Sa una pa lang nilang pagkakakilala noon, anim na taon na ang nakakaraan, ay may namuo nang hostility sa pagitan nila. Kung tutuusin ay mabibilang sa daliri ang mga pagkakataong nagtatagpo ang landas nila ni Clint Mijares. Una niya itong nakilala sa engagement party nina Becky at Charles. Pangalawa ay sa kasal ng mga ito. Siya ang maid of honor ng kaibigan habang ito naman ang best man ng kapatid. At ang iba pang pagkakataon ay sa ilang okasyong isinagawa ng mag-asawa.

Dahil likas na mahiyain at tahimik ay madalas siyang mapagkamalang suplada. Ngunit pagdating kay Clint ay mas nauumid pa ang dila niya kaya lalo niya itong pinakaiiwasan.

Noon pa man ay napakarami nang mga babaeng nababaliw at naghahabol dito. They flocked to him like flies to honey. They were drawn to his blatant

masculinity. Alam niyang hindi ang katulad niya ang pag-aaksayahan nito ng interes. Magiliw ito sa lahat ng babae maliban sa kanya. He had made his feelings toward her more than clear. Her only defense was to pretend indifferent.

Napapikit na inilatag niya ang napapagal na katawan sa kama. A shiver ran down her spine as she lay in bed thinking about Clint and what she had just admitted to herself.

Ang totoo ay hindi siya naiiba sa mga babaeng nahuhumaling dito. Sa umpisa pa lang ay nakadama na siya ng matinding atraksyon para sa binata. Ngunit noon ay hindi niya alam kung paano i-handle ang nararamdaman.

Now that she was twenty-five, she still did not know how to handle an aggravating, arrogant but charming womanizer Clint Mijares. Somehow she felt safer knowing that he disliked her. At least he would not think of turning his formidable charm on her.

Gumuhit ang ngiti sa labi niya sa naisip na siguro ay siya lamang ang tanging babaeng hindi kailanman makakasundo ni Clint. Sa tingin niya ay mas mabuti na ang ganoon. She was only safe as long as he did not know how vulnerable she was

to his potent masculinity. Dahil kapag nalaman nito ang tunay niyang nararamdaman para rito ay tiyak na magtatawa ito at ibabalik sa kanya ang lahat ng mga ginawa niyang panonopla rito noon. So to protect herself, she had to hold him at bay with hostility.

Noon ay ipinagtaka niya kung bakit mas pinili nito na maging *NBI* agent gayong nagmamay-ari ang pamilya nito ng kilala at maunlad na computer company, ang *Mijares Technologies, Inc*. Ayon kay Becky, hindi raw gusto ni Clint na matali sa isang opisina. Sa kuwento ni Charles, kahit noong maliit na bata pa raw ito ay may pagka-daredevil na ang kapatid nito.

Napailing na tumayo siya at binuksan ang isa sa mga maleta niya upang kumuha ng bihisan.

Dapat na niyang tigilan ang pag-iisip tungkol sa lalaking iyon. Ang dapat niyang isipin ay kung ano ang mangyayari bukas. Alam niyang hindi siya magagawang paalisin dito ni Becky.

Nakagat niya ang pang-ibabang labi. *But Clint could… and he would.* Bukod sa ito ang nauna sa kanya roon, mas may karapatan itong manatili sa bahay na iyon dahil kapatid ito ng may-ari niyon.

Laylay ang balikat na tinungo niya ang banyo. She had nowhere else to go at hindi niya alam kung paano o gaano katagal pa niya mapagtataguan ang taong pinakatakutan niya—ang demonyong ex-husband niyang si Jeric Escobar.

She had managed to elude Jeric for the past two months pero sigurado siyang pinaghahanap pa rin siya nito hanggang ngayon.

Ang isiping matatagpuan siya ng dating asawa ay naghahatid ng sobrang pangamba sa kanya. Napakapit siya nang mahigpit sa counter na nasa harapan niya. Makailang ulit na huminga siya nang malalim upang ikalma ang sarili. Nang muli siyang magmulat at tumingin sa salamin ay nakita niya ang namumutlang mukha niya. Naroon pa rin ang takot sa kanyang mga mata.

Kung tutuusin ay wala siyang dapat na ikatakot pa. Dalawang buwan na ang nakaraan mula noong ma-finalize ang annulment na isinampa niya sa korte. Wala nang anumang karapatan sa kanya si Jeric. Malaya na siya sa mga kalupitan nito.

Pero kilala niya ang lalaki. Hindi nito gustong pakawalan ang anumang bagay o sinumang taong itinuturing nitong pag-aari. He was a very possessive man. What was his, remained his… until he was

ready to let it go.

Ang pagpayag sa kahilingan ng daddy niya na pakasalan si Jeric Escobar ay ang pinakamalaking pagkakamaling nagawa niya na kamuntik nang maging kapalit ng buhay niya. Her marriage had been a nightmare from the very beginning.

Ni katiting ay wala siyang nararamdamang pagmamahal para kay Jeric. Napilitan lamang siyang pakasalan ito dahil sa pakiusap ng kanyang ama.

All her life, she had been a princess, pampered apple of her parents' eyes. Dahil nag-iisang anak at maalwan ang pamumuhay nila, nasusunod ang lahat ng mga kagustuhan niya. Nang mamatay ang kanyang ina sa sakit na cancer ay lalong nabuhos sa kanya ang pagmamahal at buong atensyon ng daddy niya.

Ngunit nang ipaalam nito na ipinagkasundo siya nitong ipakasal sa anak ng kaibigan nitong si Congressman Ricardo Escobar ay kaagad siyang nagpakita ng pagtutol.

Matagal na niyang alam na may interes sa kanya ang anak nitong si Jeric. Hindi sana mahirap mahalin ang lalaki dahil guwapo naman ito, disente at galing sa prominenteng pamilya, ngunit wala

siyang makapang anumang damdamin para rito.

Pero nang sabihin sa kanya ng daddy niya ang pangarap nitong pumasok sa pulitika at makapagbibigay ng tulong at impluwensya ang mga Escobar para roon, ay napahinuhod na rin siya.

She believed that her father deserved his dream. He did so much to make her happy and the least she could do was return as much effort as she could.

Ang akala niya ay matutunan din niyang mahalin si Jeric kapag ikinasal sila. Ngunit nagkamali siya. Not only did she learn to despise him, she also learned to fear him. Masahol pa sa impiyerno ang naging buhay niya dahil sa natuklasang tunay na pagkatao ng lalaking napangasawa niya. She married an insane sadist.

At first she was too shocked and ashamed to tell anyone about her abusive husband. Isa pa ay pinagbawalan siya nitong lumabas upang makipag-usap at makipagkita sa mga kaibigan niya kaya hindi niya nagawa iyon. Nagdadahilan na lamang siya sa tuwing magkakaroon siya ng pagkakataong makausap ang mga ito.

Nang hindi na niya makayanan ang mga pananakit ni Jeric ay sinampahan niya ito ng kaso.

But to her horror, binayaran ng mga magulang nito ang lahat ng makatutulong sa kanya. Hindi hahayaan ng mga Escobar na masira ang pangalan at reputasyon ng mga ito sa lipunan.

Nang subukan naman niya itong iwan ay kaagad na nasundan siya nito at pinagbantaan na kapag muli siyang magtangkang umalis ay ipapatay nito ang kanyang ama.

Alam niyang kayang-kaya iyong gawin ng lalaki. At lalong alam niya na kaya nitong takasan iyon. Protektado ito ng salapi ng pamilya nito. Kaya sa loob ng dalawang taon ay nagtiis siyang makisama rito. Hindi niya gustong mapahamak ang kanyang ama.

Ngunit nang minsang saktan siya at hagupitin ng sinturon ni Jeric ay nagkaroon siya ng pagkakataong takasan ito. Nang mga panahong iyon ay nasa ibang bansa ang mga magulang nito at nagbabakasyon. Nang gabi ring iyon ay umalis siya at nagtungo sa isang foundation na nangangalaga sa mga inabusong kababaihan, kung saan tinulungan siyang madala sa ospital upang maipagamot ang mga sugat at pasa sa kanyang katawan.

Nagkaroon siya ng kopya ng mga medical records niya sa ospital. Ipinang-blackmail niya sa

mga magulang ni Jeric ang medical records niya upang matulungan siya ng mga ito na mapabilis ang proseso ng annulment case na isinampa niya sa korte. Nagbanta siyang kung tatanggi ang mga ito ay ilalabas niya at ipapakita ang medical records niya sa media.

Hindi na magagawang ipanakot sa kanya ni Jeric ang tungkol sa kanyang ama. Her father was forever beyond reach. He died last year. Nang hindi ito magtagumpay sa pagpupulitika ay unti-unti na ring nawalan ito ng gana sa buhay. Dahil sa depression ay napabayaan na nitong asikasuhin ang sarili, pati na rin ang negosyo nito. Hanggang sa tuluyang gupuin ng sakit ang katawan nito.

Hindi siya nakuhang guluhin ni Jeric sa burol at libing ng kanyang ama dahil nakapalibot sa kanya ang mga kamag-anak at kaibigan niya. Ngunit nitong mga nakaraang buwan ay muli na naman itong nanggugulo at nagbabanta sa kanya.

Ang lugar na ito ang pinuntahan niya upang makalayo sa  asawa. At kung hindi siya maaaring manatili sa lugar na ito ay hindi na niya alam kung saan pa siya puwedeng magtago. Kilala lahat ni Jeric ang mga kamag-anak niya. At dahil summer ngayon ay okupado ng iba pang mga kaibigan niya ang

mga bahay-bakasyunan ng mga ito. Gustuhin man niyang mangibang-bansa ay hindi niya magagawa dahil kaunti na lang ang perang naitatabi niya.

Nang mamatay ang kanyang ama ay nalaman niyang halos wala na palang natitira sa kabuhayan nila. Kailangan pa niyang ibenta ang bahay at lupa nila upang may magamit sa annulment case niya.

She could only hope and pray that she would be able to manage to get Jeric off her life forever.

---

"Of all the rotten luck!" nabubugnot na bulong ni Clint nang makapasok sa sariling silid.

Matapos hubarin muli ang cutoffs ay pabagsak na humiga siya sa kama. Pinagsalikop niya ang dalawang kamay sa ilalim ng ulo at kunot-noong napatitig sa kisame. Every muscle in his body was tensed.

"Dammit!" mariing asik niya kapagkuwan. Of all the women in the world, why the hell did he has to get stuck on a remote island with Rachel Sebastian?

Humingi siya ng bakasyon sa bureau dahil gusto niyang pansamantalang makalayo at mapag-isa upang makapag-isip.

Muli siyang tumayo at tinungo ang bintanang nakaharap sa dagat. Iniikot-ikot niya ang ulo at mga balikat upang maialis ang namumuong tensyon doon.

The restlessness was foreign to him but it was not at all new. Nitong mga nakaraang taon ay madalas niyang maramdaman ang kakaibang pagkabagot na iyon.

Alam niyang hindi ang pakikipaghiwalay sa kanya ng live-in partner ang dahilan ng nararamdaman niyang iyon.

Katulad ng ibang babaeng nakarelasyon niya, hindi rin natagalan ni Nanette ang makisama sa lalaking may trabaho ng katulad sa kanya. But it was a relief when she called it quits.

He liked women. Hell, he adored women. He enjoyed their company. He liked the way they looked, smelled, talked, walked.

Kailanman ay hindi siya nagkaroon ng problema sa mga ito. Madalas na ang mga ito ang namomroblema sa kanya. Hindi rin siya kailanman nananakit ng babae pero hindi rin niya hinahayaang maimpluwensyahan ng mga ito nang husto ang buhay niya. Kapag ayaw ng mga ito sa trabaho niya,

well, good bye. His job would always come first.

Kaya ngayon ay hindi niya maintindihan ang kanyang mararamdaman. He felt anxious and vaguely dissatisfied and he did not know why, nor what to do about it.

Matagal na siyang hinihimok ni Charles na magtrabaho sa kompanya nila. Ngunit hindi niya magawang pagbigyan ang kahilingan ng kapatid. Kahit madalas siyang ma-guilty na hindi siya nakakatulong sa family business nila, hindi rin niya maatim na maupo lang sa harapan ng isang mesa buong maghapon.

He craved excitement and adventure, to experience new challenges and flirt with danger.

Wala sa loob na hinawakan niya ang pilat sa kanyang hita na bunga ng isang gunshot nang minsang magkaroon ng shootout ang isang big time drug operation na nasakote nila.

Yes, he found excitement, all right. Maybe more than what he bargained for. Bahaw ang ngiting sumilay sa labi niya.

Mahal niya ang trabaho at maraming nagsasabi na magaling siya sa ginagawa niya. Lalo na sa undercover jobs.

Pero lately ay hindi na niya gaanong nae-enjoy ang mga ginagawa. As time went on, the thought of spending the rest of his life going from one situation to another held less and less appeal to him.

Napabuntong-hiningang inihilamos ni Clint ang isang palad sa mukha. Ewan niya, siguro ay tumatanda na siya. Kahit pa nga sa edad niyang treinta y tres ay maraming nagsasabing bata pa siya.

Sa ngayon ay hindi niya alam kung ano ang gusto niyang mangyari sa buhay niya. Pero isa lang ang sigurado niya, kailangan niya ng pagbabago.

At iyon ang dahilan kung bakit siya naririto sa *Santiago Island*. He was hoping that this quiet and solitude place would clear his thoughts. And probably, he would come to a decision about his future.

Pero out of the blue ay biglang naririto rin si Rachel Sebastian.

Oo nga pala, hindi na ito Rachel Sebastian lang. She's now Mrs. Rachel Escobar.

Napatiim-bagang si Clint nang maalala ang litrato ng kasal nito na ipinakita sa kanya noon ni Becky. They looked like a pair from a fairy tale. Rachel, as usual, was beautiful in that elegant, quiet

way of hers. And her groom radiated confidence and masculinity.

Ngunit habang tinititigan niya noon ang lalaking pinakasalan ni Rachel ay mayroon siyang hindi nagugustuhan dito. Sa tingin niya ay masyadong praktisado ang ngiti nito. He thought the guy looked like a calculating bastard. Ang alam niya ay anak ito ng isang congressman. Well, sa tingin niya ay bagay lamang ang dalawa para sa isa't isa.

Sa unang pagkikita nila noon ay hindi na niya nagustuhan ang pag-uugali ng matalik ng kaibigan ng hipag niya. Masyado itong suplada. Laging nakataas ang noo nito na akala mo ay mas mataas ito sa kahit na sinong taong makaharap. As far as he was concerned, she was just a spoiled rich girl with the personality and charm of a block of ice. And she had always irritated the living hell out of him.

False modesty aside, alam niyang maraming babaeng naghahangad na makuha ang atensyon niya. Nasanay siyang maraming humahanga at naghahabol na babae sa kanya.

But not Rachel. Oh no, not Miss Nose-in-the-air Rachel Sebastian. Madalas noon ay lumalagpas ang tingin nito sa kanya na para bang hindi siya nito nakikita.

Ngunit ang mas lalong ikinaiinis niya ay ang nararamdaman niyang interes dito sa kabila ng lahat. No matter how angry or irritated he felt towards her, he could not control his physical response to her. Sa bawat pagtatagpo ng landas nila noon ay hindi niya mapigilan na lihim na pagmasdan at sundan ng tingin ang bawat kilos nito.

Hindi niya gustong maakit dito. But just looking at her made him hungry. Sa dami ng mga babaeng nagdaan sa buhay niya ay hindi niya naramdaman sa mga ito ang matinding attraction na nadarama niya para kay Rachel. What he felt for her was like a fever, a need that never left him.

Hindi niya alam kung anong partikular na katangian ng dalaga ang nakahahatak sa interes niya. She looked, sounded, and smelled expensive. He wanted to know if she tasted expensive, too. Gusto niyang malaman kung gaano kalambot ang mga labi nito kapag hinalikan niya. O kung gaano kakinis ang balat nito kapag hinaplos niya. He wanted to bury his hand in her silky hair and inhale the gut-tightening fragrance of her skin.

Napapikit si Clint at mariing napamura sa isip nang maramdaman ang pagbangon ng pagnanasa sa kanyang katawan. His loins became heavy and

full in response to his provocative thoughts.

*Great going, Mijares,* tiim-bagang na naisip niya. Humakbang siya pabalik sa kama at muling humiga.

He was supposed to be soul-searching right now but he found himself still lusting after the one woman he had always known he could not have.

Bakit kasi kailangang ngayon pa muli magtagpo ang landas nila ng babaeng iyon? She was one distraction he least needed.

Pero magkasama man sila sa iisang bubong ngayong gabi ay hindi niya hahayaang magtagal pa iyon.

Come morning he would make it damned sure that she would be out of that place.

# 3

Kinabukasan ay maagang nagising si Rachel. Kahit halos hindi nakatulog nang nagdaang gabi dahil sa mga alalahanin ay nakasanayan na niya ang bumangon nang maaga.

Mula nang magising siya mula sa mahimbing na pagkakatulog dahil sa sakit ng mga hagupit ng belt ni Jeric ay kinatakutan na niya ang makatulog nang malalim.

Halos gabi-gabi ay naiidlip lang siya. Her senses were always alert and on guard for dread of being jerk away from a deep sleep by a demon. Ipinangako niyang balang araw ay tuluyan din siyang makakalaya sa mga alaala at trauma ng mga sinapit niya sa kamay ng dating asawa.

Paglabas niya ng silid ay naabutan niya sa sala si Clint. Nagulat siya nang makitang gising na rin ito. Dahil nakatalikod ay hindi siya nito napansin. Abala ito sa pakikipag-usap sa cellphone.

Base sa naririnig niya ay nahulaan niyang kausap nito si Becky sa kabilang linya.

"Alam kong kaibigan mo siya pero una na

akong nakapagpaalam kay Charles." Sandali itong natahimik at nakinig sa sinasabi ng kausap. "What! You can't be serious!" napailing na bulalas nito mayamaya. "Share a house with Rachel? But that's impossible! Alam mong hindi kami magkasundo ng kaibigan mo. She doesn't like me and I *don't* like her." Masidhing pinagdiinan nito ang huling sinabi.

Unti-unting pinakawalan ni Rachel ang napigil na paghinga upang lumuwag ang nagsisikip na dibdib. It hurt. She knew it should not, but it did. Terribly.

Noon pa man ay alam na niyang hindi siya gusto ni Clint pero mas masakit pala na malaman at marinig mula mismo sa bibig nito ang katotohanang iyon.

Mariin niyang kinagat ang pang-ibabang labi at napakurap-kurap upang pigilan ang nagbabantang pagtulo ng luha.

"Becky, wait," patuloy na pagsasalita ng binata. "'Wag mo munang ibaba ang—oh shit!" naiinis na singhal nito nang marahil ay mawala na ang kausap sa kabilang linya.

Marahas itong napabuntong-hininga. Matapos isuksok sa bulsa ng denim cutoffs na suot ang

cellphone ay napu-frustrate na sinuklay ng mga daliri nito ang buhok. Nang pumihit si Clint paharap sa kanya ay napatda ito nang makita siya. Saglit na bumadha sa mukha nito pagkapahiya ngunit kaagad din itong nakabawi. His expression became nonchalant.

"It seems na hindi pala nasabi ni Charles kay Becky ang plano kong pagbabakasyon dito. Nasa airport pala siya patungong Japan nang makausap ko." Nang hindi siya sumagot ay muli itong napahugot ng malalim na paghinga. "Look, I guess you overheard what I said. I'm not going to apologize for that. Sinabi ko lang kung ano ang matagal na nating pare-parehong alam."

Swallowing her pain, itinaas ni Rachel ang mukha at pilit na pinatatag ang boses. "Don't worry, naiintindihan ko. Aalis ako pagdating ng susunod na ferry."

Tuwid ang mga balikat na tumalikod na siya at humakbang pabalik sa kuwarto niya.

---

Clint felt like the biggest jerk on earth habang sinusundan ng tingin ang papalayong babae. For that brief moment, he had a glimpse of her pain

and vulnerability. Guilt and embarrassment flooded him. Pinakaiiwasan niya sa lahat ang makasakit ng damdamin ng isang babae. Kahit ang mga babaeng napaugnay sa kanya at iniwanan niya ay pinilit niyang hindi masaktan nang husto. At kahit hindi magkalapit ang loob nila ni Rachel ay hindi niya intensyon kailanman ang pasakitan ito.

Kahit na pilit nitong itinago sa likod ng composed and aloof expression na lagi niyang kinaiinisan noon, ay nabanaag pa rin niya sa mga mata ni Rachel ang pagdaramdam.

Ikinagulat niya iyon dahil hindi niya akalain na marunong din pala itong makadama ng ganoong emosyon. He was used on seeing her indifferent, unreadable and solemn expression. At ngayon ay nangingibabaw sa kanya ang kagustuhang aluin ito.

Ang madaling pagpayag nitong umalis ay lalong nakadagdag sa sundot ng konsyensya ni Clint. Tila ba talagang inaasahan na nito na ito ang mapapaalis sa lugar na iyon. Mas gugustuhin pa niya sana kung nagtaray ito at nagmatigas na manatili roon, dahil kung tutuusin ay hindi rin nito inaasahan na madadatnan siya sa bahay. Kung nasira nito ang plano niya, tiyak na nasira rin niya ang mga plano nito.

Maaaring may mabigat itong problema kaya nagbabakasyon nang hindi kasama ang asawa. Isang problemang maaaring mas mabigat pa kaysa sa suliranin niya.

"Damn it!" napapikit na bulong niya.

Although he hated to admit it, he knew he owe her an apology. He ought to make amends and eat humble pie.

---

Sa loob ng silid ay tuluyan nang kumawala ang tinitimping emosyon ni Rachel. Sumubsob siya sa kama at doon lumuha.

Noon, kahit anong sakit ng mga sampal at pananakit sa kanya ni Jeric ay natutuhan niya ang maging matatag at hindi magpakita ng kahinaan. Ngunit ngayon, simpleng salita lamang mula kay Clint ay nagpabuwal na ng depensa niya. Marahil ay dahil na rin sa naranasan niya kaya naging emosyonal siya.

Gulat na napabangon siya nang marinig ang mga katok sa pinto ng silid niya. Mabilis na pinahid niya ang luha. Nakita niyang pumipihit ang seradura ng pinto.

"Rachel?" mahinang tawag sa kanya ni Clint habang dahan-dahan nitong binubuksan ang pinto.

"Ano'ng kailangan mo?" tanong niya na kaagad tumalikod at pilit na kinokontrol ang emosyon.

"Gusto kong mag-usap tayo." Tuluyan na itong nakapasok sa loob ng silid.

"What's the use? You've made it very clear. And I'm not in the habit of forcing myself where I'm not wanted. Isa pa, hindi rin naman ako papayag na magkasama tayong dalawa dito." Kahit anong pagpipigil niya ay kusang lumabas ang pagsinghot at piyok sa tinig niya.

"Hey, are you crying?" Lumapit ito at iniharap siya. "Oh God, I'm so sorry, Rachel." Puno ng remorse ang tono na kinabig siya ni Clint payakap. Inilapat nito ang ulo niya sa malapad na dibdib nito habang buong pagsuyong hinaplus-haplos ang buhok niya.

Hindi kaagad nakapag-react si Rachel sa ginawang iyon ng lalaki. She was stunned. His gentleness staggered her senses. Matagal nang panahon na hindi siya nakadama o nakatanggap ng ganoong klase ng pag-aalo. Nasanay siyang tumayong mag-isa at itago ang lahat ng mga dinaramdam.

Ni sa panaginip ay hindi niya naisip na

mararanasan niya ang pagkonsola sa mga bisig ni Clint Mijares. His action was so unexpected and intimate… and so protective.

Muling nag-unahan sa pagpatak ang luha sa kanyang mga pisngi. Ngayon ay lalo tuloy siyang nakakaramdam ng self-pity, regret and utter loneliness. Napakasarap sanang isipin na may isang tao siyang palaging masasandalan at magtatanggol sa kanya.

“Shh, please tahan na,” masuyong bulong ni Clint na iniangat ang mukha niya. Tinuyo ng palad nito ang basang pisngi niya. “I’m really sorry for being so inconsiderate. Gusto kong malaman mo na hindi mo na kailangang umalis pa.”

Gulat na napatitig dito si Rachel. Ngayon lang siya naging aware sa hubad na katawan nitong nakayakap pa rin sa kanya. Maliban sa putol na maong na pang-ibaba nito ay wala na itong iba pang suot. Nag-iinit ang pisnging mabilis siyang kumalas sa pagkakayakap nito.

“W-what do you mean? Hahayaan mong ako na lang ang manatili dito? Ikaw na lang ang aalis?”

“No.” Napangiting umiling ito. “Wala namang kailangang umalis sinuman sa ating dalawa. We can

both stay here."

"Pero..." napapakagat-labing hindi naituloy ni Rachel ang sasabihin.

Sa totoo lang ay hindi niya alam kung ano ang dapat sabihin o gawin nang mga sandaling iyon. She was torn between surprise and indecision.

Nagkibit-balikat si Clint nang muli itong magsalita. "Napag-isip-isip ko kasi na pareho lang nating hindi sinadya o ginusto ang mixed-up na ito. Tutal, pareho na tayong nandito, I think we just have to make the best out of our situation. And as Becky pointed out to me, malaki naman ang beach house na ito at maraming kuwarto. We still can have all the privacy that we want. Isa pa, napakalawak naman ng isla, so it wouldn't be too difficult if we want to get out of each other's way."

Siguro nga sa halip na magdalawang-isip ay dapat siyang matuwa at isiping isang blessing ang pagbabago ng isip na iyon ng lalaki. At least, hindi niya kailangang problemahin kung saan siya puwedeng magpunta para makapagtago kay Jeric. Kahit na tiyak na magiging awkward ang pakiramdam niyang makasama ito sa iisang bubong, mas pipiliin na niya iyon kaysa makaharap ang dating asawa. Better to be with the lesser evil, sabi nga.

Isa pa, tama naman ang mga ipinunto nito. She would just have to make sure to stay out of his way.

"All right. I supposed we could try it for a few days. If it doesn't work out, I'll leave," aniya sa binata.

---

Hindi nagustuhan ni Clint ang sinabi na iyon ni Rachel ngunit nagkibit-balikat na lang siya.

After all his efforts to be friendly, she was still thinking the worst of him. Bakit iniisip kaagad nito na hindi nila matatagalan ang isa't isa?

Well, maybe old habits were really hard to break. Pipilitin na lang niyang intindihin ang skepticism nito.

"Now that everything's settled, bakit hindi mo ako samahang mag-almusal? I'm sure nagugutom ka na rin katulad ko," alok ni Clint matapos tumingin sa suot na relong pambisig.

"Ngayong ipinaalala mo sa akin ang tungkol sa pagkain, kailangan ko nga palang pumunta sa bayan para bumili ng pagkain ko."

"You don't need to do that. Marami akong binili nang dumating ako kahapon. There's plenty of food for both of us."

"Thank you, that's very generous of you. Pero mas gusto kong bumili ng sariling pagkain. If we're going to make this work, I think we have to remain separate in every way."

"Fine, suit yourself." Napatiim-bagang uli si Clint.

God, paano niya naisip na pupuwede silang magkasundo ng babaeng ito? Ang akala pa naman niya ay nagkamali lang siya sa naging impresyon niya rito noon. But no, all she was, was a beautiful marble statue—cold and unfeeling.

Baka nga pati ang pag-iyak nito kanina ay palabas lang para makuha nito ang gusto. And he was a fool dahil napahinuhod siya ng babae dahil sa ilang patak ng luha.

Ah, to hell with her and her maddening snooty way.

Naiinis na humakbang na siya patungo sa pinto. Ngunit bago siya tuluyang makalabas ay may naalala siyang gustong sabihin dito.

"By the way, there's one thing I want to clear up," seryosong saad ni Clint. "Kung ano man ang dahilan ng pagpunta mo dito, it's your business and I don't wanna pry. Pero ayoko ko ring magkaroon

ng maling impresyon ang asawa mo kapag nalaman niyang magkasama tayo ngayon dito."

"You have nothing to worry on that. Matagal na kaming hiwalay ng asawa ko."

Her flat statement left him speechless for a moment. Hindi niya mapaniwalaan ang narinig.

"Hiwalay na kayo? Kailan pa?" hindi niya napigilang itanong.

Hindi kaagad ito nakasagot. Her posture became stiff, her eyes haunted. Lalong nakadagdag sa curiosity ni Clint ang expression na iyon ni Rachel.

"Rachel?"

"Halos isang taon na kaming hindi nagsasama. Pero two months ago lang na-finalize ang annulment namin. Now if you don't mind, kailangan ko nang umalis papunta sa bayan."

Napatango si Clint at tuluyan nang lumabas ng silid. Gusto niya sanang aluking ihatid ito ng speedboat ni Charles, na siyang ginagamit ng mga ito patungong bayan. But knowing her, she would no doubt refuse him in that ultra-polite way of hers.

So kaya pala ito naririto ay upang marahil ay makalimot at gamutin ang sakit na dulot ng

pakikipaghiwalay sa dating asawa. Hindi niya alam kung ano ang nararamdaman sa kaalamang single na pala si Rachel. He should be relieved that at least, he did not need to appease a jealous husband.

Somehow though, the thought made him feel uneasier.

---

Nang sumunod na mga araw ay kapwa pinanindigan nina Rachel at Clint ang balak na magkanya-kanya. Kahit magkasama sila sa iisang bahay halos hindi sila nagkikita.

Sa umaga ay si Rachel ang laging nauunang magising. Bago pa magising ang binata ay nakapag-almusal na siya at nakaalis na upang maglakad-lakad sa tabing dagat. Si Clint naman ay maghapong nawawala dala ang speedboat ng kapatid.

Kapag nagkakataong pareho silang nasa loob ng bahay ay nagkukulong na lamang sa silid niya si Rachel at lumalabas lamang kapag nasiguro niyang nakaalis na ang binata.

# 4

"I just love a man with a tattoo," malambing na bulong ng Amerikanang katabi at kausap ni Clint. Masuyong hinaplos ng isang daliri nito ang tattoo na nasa kanang braso ng binata. "It's so manly."

"Oh, yeah?" nakataas ang sulok ng labing ani Clint matapos lumagok sa hawak na bote ng beer.

Kasalukuyan siyang nasa loob ng isang resto-bar sa *Cape Bolinao*. Naisipan niyang magtungo roon upang magpalipas ng oras. He was getting bored on being around the sea and lying on the beach all day. He wanted a change of scene even for a little while.

Ngunit ngayon ay nagtataka siya kung bakit parang gusto na niyang umalis doon at bumalik na sa tahimik na isla ng Santiago. What had seemed like such a good idea a few hours earlier had lost all appeal.

Kahit pa nga sa loob ng halos isang oras ay pilit siyang inaaliw ni Jennifer, or whatever-her-name-was.

Simula pa lang nang pumasok ito roon kasama ang ilang kaibigan ay lumapit na ito sa bar counter

na kinaroroonan niya at umupo sa tabi niya. Nang magpapakilala ito at magkuwento ay nalaman niyang kasama ang mga ito sa mga turistang pasahero ng isang luxurious yacht na pansamantalang nakadaong sa baybayin ng Bolinao.

She probably thought, from his appearance, that he was an infamous character. Hindi niya ito masisisi. Ganoon naman ang laging nagiging unang impression sa kanya ng mga taong hindi siya kilala. But the image of a bum gigolo became convenient sometimes, especially when he was on undercover assignments.

"I mean it," nang-aakit ang ngiting anang foreigner na lalong dumikit sa kanya. Lalo pang naging malamlam ang expression ng mga mata nito. "There's something so sexy about it… so primitive. And this earring." Mula sa braso niya ay umakyat ang mga kamay nito sa tainga niya na siyang nakakabitan ng hikaw. Naglaro roon ang daliri nito. "Mmm, baby."

Amoy na amoy ni Clint ang mamahaling pabangong gamit ng babae ngunit sa halip na matukso siya ay naghahatid iyon paninikip sa kanyang paghinga. For some reason, he was not tempted.

Bagaman nae-enjoy niya ang atensyong ibinibigay sa kanya ng mga babae, walang appeal sa kanya ang babaeng katulad nito. When it came to intimacy, he did have a certain standard. It did not include letting himself be seduced by a bored tourist looking for some cheap thrill.

Pilit ang ngiting dahan-dahan siyang umurong palayo. Pero tila wala iyong epekto sa babae. Tumayo ito at halos payakap na dumikit sa kanya.

"Clint, baby," anas nito. "Why don't you and I go to my cabin on the yacht. We'll have privacy there so we could…" masuyong humaplus-haplos ang isang palad nito sa likod niya, "…get to know each other better. What do you say?"

Mabilis na umiwas ang binata at dumistansya rito.

"Sorry, but I can't."

"Why not?" Halata ang gulat at panghihinayang sa mukha ng babae.

"Because I'm, uh… I'm involved with someone. Seriously involved."

Napalitan ng pagdududa ang disappointment sa mukha ng babae.

"I don't believe you. If you're involved with someone, what are you doing here all alone?"

"I'm not. I'm spending vacation at *Santiago Island* with my fiancée."

"Oh, yeah? Then, where is she and why did she leave you here on your own?" Nakataas ang isang kilay nito.

Nag-iisip ng magandang maidadahilan si Clint nang mapatingin siya sa entrance ng resto-bar at makita ang babaeng papasok doon. Gumuhit ang isang nasisiyahang ngiti sa labi niya.

"She went to the market. Excuse me, but she's here." Mabilis na humakbang siya upang salubungin ang kapapasok pa lamang na si Rachel.

"Rachel, honey," malakas niyang tawag dito. "You've been gone so long, I was beginning to worry."

Bago pa ito makapagsalita ay nakabig na niya ito payakap at sabay na inangkin ang mga labi nito.

---

Shocked na nahugot ni Rachel ang paghinga. Nanlalaki ang mga matang hindi kaagad siya nakakilos sa pagkakayakap ni Clint.

A moment ago, she was only standing there minding her business. Napagod siya at nauuhaw, masakit na rin ang mga paa niya dahil sa ilang oras na pag-iikot sa palengke. Ang tanging nasa isip niya ay ang makaupo kahit sandali at makainom ng malamig na inumin bago siya bumalik sa isla. The last thing she expected was to be snatched into a passionate kiss and embrace.

Sa pagkagulat ay nabitawan ni Rachel ang mga plastic bags na dala-dala niya. Sunud-sunod ang pagtahip ng dibdib at nalilitong napakapit siya nang mahigpit sa braso ni Clint.

Sandaling gumalaw ang mga labi nito sa tikom na bibig niya bago bahagyang inilayo nito ang mukha.

"For God's sake, loosen up and kiss me back, will you? I'll explain later," bulong nito.

Hindi pa siya halos nakakabawi sa paghinga nang muling bumaba ang labi nito sa kanya. He recaptured her gaping mouth in a kiss that she felt right down to her toes.

Mula balikat hanggang tuhod ay magkadaiti ang mga katawan nila. Lahat ng pandama niya ay naka-focus sa lalaking buong higpit na nakayakap

sa kanya. Every muscle in her body went weak and trembling. She was melting like wax as a searing heat poured through her veins. Napapikit, tuluyan na siyang nadala ng kahinaan at buong init na tinugon niya ang halik nito.

Hindi niya alam kung gaano ang itinagal ng sandaling iyon. Namalayan na lamang niya ang unti-unting pag-angat ng mukha ni Clint. Nang dahan-dahan niyang imulat ang mga mata ay nasalubong niya ang tila nasorpresang mukha ng binata. Pagkuwan ay gumuhit ang isang satisfied na ngiti sa labi nito.

Bago pa tuluyang magbalik sa tamang huwisyo ang utak niya ay muling dinampian nito ng masuyong halik ang labi niya.

"God, honey, I missed you so much. C'mon, let's get out of here." Hinawakan nito ang isang kamay niya at hinila siya palabas ng resto-bar.

"Sandali, ang mga dala ko," aniya at mabilis kinuha ang mga pinamili niya.

Nag-iinit ang mga pisngi ni Rachel dahil sa sobrang pagkapahiya nang mapagtanto kung nasaan sila at makita ang naaaliw na expression ng mga taong nakatingin sa kanila. Hindi rin nakaligtas sa

pansin niya ang tila naiinggit na tingin sa kanya ng mga ilang kababaihang naroroon.

Nang makalabas sila ay galit na kinompronta niya si Clint.

“P’wede bang ipaliwanag mo sa akin kung ano’ng ibig sabihin ng ginawa mo?”

Sa halip na sumagot ay patuloy lang siyang hinila nito palayo sa lugar na iyon.

“Bitiwan mo nga ako!” Pilit niyang binawi ang kamay niyang hawak nito. “I deserve an explanation and I want to hear it right now!”

Saglit na tinitigan nito ang namumula sa galit na mukha niya. Mayamaya ay sumilay sa sulok ng labi ng binata ang isang munting ngiti.

Lalong nakapagpuyos sa damdamin ni Rachel ang nakitang amusement na iyon ng binata.

“Damn you, Clint! I’m warning you—”

“Okay, magpapaliwanag na ako,” natatawang putol nito sa pagsasalita niya. “Hell, Rachel, I didn’t know you have that kind of fire beneath your cool reserve.” Napailing pa ito. “I think you should get angry more often. It makes you more lively and more beautiful.”

Nagtatagis ang bagang na napatitig siya rito.

"You're impossible." Tinalikuran na niya ito at humakbang na palayo.

Ngunit maagap na nahabol siya ng binata at pinigilan sa braso. Seryoso ang tono at mukha nito nang magsalita.

"Look, Rachel. I'm really sorry, okay? Hindi kita gustong ilagay sa kahiya-hiyang sitwasyon kanina. It's just that I needed your help."

"At paano nangyaring ang pinakanakakahiyang karanasan sa buhay ko ay nakatulong sa 'yo?" puno ng sarkasmo ang tinig ni Rachel.

"Mayroon kasing babae sa loob na kanina pa… well, you know, she's becoming too friendly and she's one obstinate female. So to discourage her, I had to make her think I was seriously involved with someone else. And you just happened to come in at the right time."

Pagak ang tawang napailing siya. "So you mean, kung hindi ako dumating kanina, you were planning to use any unsuspecting female para lang paalisin ang babaeng iyon? Couldn't you just tell her you're not interested?"

"Duda akong maniniwala siya sa akin. And I don't like hurting women."

*Huh! What a big laugh!* gigil na naisip ni Rachel. Gusto niyang isumbat dito na sinaktan siya nito nang kung ilang beses noon. Kahit ngayon, mas concern pa ito sa feelings ng babaeng iyon kaysa sa kahihiyan niya.

"Pabalik ka na rin ba sa isla? Sumabay ka na sa akin. Dala ko ang speedboat." Para bang walang anumang nangyari sa paraan nito ng pagkakasabi niyon.

"Salamat na lang. But I prefer to take the ferry. Sana ay ito na ang huling pagkakataon na madadamay ako sa mga problemang papasukan mo. It seems to me that a man with *your* experience with women could have handled the situation in a more straightforward manner."

Kaagad nagsalubong ang mga kilay ng binata. "Dammit! I already said sorry. It was just a harmless deception so you don't have to act like it's the end of the world. Isa pa, pareho naman tayong nag-enjoy sa pinagsaluhan nating halik, di ba?" singhal nito, bago humakbang palayo.

Naiwan ang natamemeng si Rachel. Ilang saglit

na natigagal siya pagkuwan mariing itinikom ang mga labi at sinundan ng matalim na tingin ang papalayong lalaki.

*What an arrogant brute!* Gusto niyang habulin ito at itanggi ang sinabi nito. Pero para ano pa? Naipagkanulo na niya ang sarili sa ginawa niyang pagtugon dito kanina.

Sisiguraduhin na lang niyang hindi na mauulit ang nangyari.